

Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER
Science City of Muñoz, Nueva Ecija

ISSN 2507-8933



01

9 772507 893003

Espesyal na Isyu | 2019



Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER



Espesyal na Isyu |
2019

PATNUGUTAN

Patnugot ERIC P. PALACPAC

Tagapamahalang Patnugot ROWENA G. BUMANLAG

Tagapamahala ng Isyung Ito MA. CECILIA C. IRANG AT
CHARLENE S. JOANINO

Manunulat MA. CECILIA C. IRANG, CHARLENE S. JOANINO,
CHARLENE P. CORPUZ, CHRISSALYN L. MARCELO

Layout MA. CECILIA C. IRANG

Ilustrasyon CHRISSALYN L. MARCELO, JAN CZARINA M. SALAS

Tagapamahala sa Sirkulasyon CHARLENE P. CORPUZ

Tagapayo ARNEL N. DEL BARRIO

MGA NILALAMAN

3

Ang masaganang isla ng Mindanao

4

Mga sangay ng PCC sa Mindanao, matatag sa pagsusulong ng *Carabao Development Program*

6

Pagsikad ng industriyang kalabawan sa Mindanao

8

Ani at Kita

10

SANDAFA: Umuusbong na pag-unlad sa kabuhayang salig sa kalabaw

11

Tagumpay ng isang dating OFW sa lupang sinilangan

12

Ayon sa maggagatas sa Maramag, Bukidnon 'May kalakip na pakinabang kung magtitiyaga at magsisikap'

13

Nasumpungang biyayang hatid ng gatasang kalabaw

14

Sa tamang oportunidad, tiyak na may pag-unlad


15

Ano ang National Carabao Conference?

Ang Karbaw ay isang magasin na inilalathala ng Knowledge Management Division (KMD) ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, apat na beses sa isang taon. Layon ng Karbaw magasin na iparating sa mga mambabasa nito ang iba't ibang kwento ukol sa mga tao, pangyayari, at iba pa na may kinalaman sa umiigting at lumalagong industriya ng kalabaw sa bansa.

Ang reproduksiyon ng alin mang artikulo mula sa pahayagang ito ay hinihimok nang may wastong pagkilala sa may akda o sa Karbaw magasin. Gayundin, tinatanggap ng patnugutan ang anumang komento at suhestiyon tungkol sa mga nailimbag na artikulo. Ipadala ang inyong mga kuru-kuro sa ilivestockbiotech@gmail.com.

NATIONAL HEADQUARTERS AND GENE POOL Science City of Muñoz, Nueva Ecija, Philippines 3120 • Fax: +63 44 456-0730 • Tel. No: +63 44 456-0731 to 34 • URL: <http://www.pcc.gov.ph> • E-mail: pcc-qed@mozcom.com
MANILA LIAISON OFFICE 5th Floor DCIEC Building, NIA Complex, EDSA, Quezon City, Philippines • Fax: +63 02 926-7707 • +63 02 921-3863 • E-mail: pcc-mlo@mozcom.com **REGIONAL CENTERS: PCC at MMSU** 09279655724; pccmmsu@gmail.com • **PCC at CSU** 09161011561; pccpiat07@yahoo.com • **PCC at DMMSU** 09176793349; pccdmmsu95@yahoo.com • **PCC at CLSU** +63 44 456-5238; pccclsu@gmail.com • **PCC at UPLB** 09088112841; pccuplb@gmail.com • **PCC at VSU** (+63)(053) 563 7649; pccvsu@gmail.com • **PCC at WVSU** 09999916115; pccwvsu@yahoo.com • **PCC at LCSF** 09088139048; pcclcsf@yahoo.com • **PCC at USF** +63 38 518-5598; pccust.ubay@yahoo.com • **PCC at MLPC** 09067260979; pcc_mlpc09@yahoo.com • **PCC at CMU** 09399169719; pccmusuan@yahoo.com • **PCC at USM** 09193970872; usm_pcc@yahoo.com



Paliwanag sa pabalat

Sa higit dalawang dekada na pagbibigay serbisyo ng PCC sa mga magsasaka at pakikipagtulungan sa iba't ibang institusyon ay matagumpay na napalawig ang gamit ng kalabaw. Mula sa pagiging kaagapay ng magsasaka sa bukirin, ngayo'y masasabing ang pagkakalabaw ay isa na sa mga pangunahing maaaring pagkuhanan ng kabuhayan ng mga magsasaka. Lalo't bukod sa gatas ay nakakukuha rin ng karne mula rito na nakapagbibigay ng siguradong kita sa magkakalabaw.

Ang masaganang isla ng Mindanao

NI CHARLENE JOANINO

Mabeberdeng gubat, mga nagtataasang bundok, iba't ibang anyong tubig tulad ng dagat at talon, ilan lamang ang mga ito sa yamang taglay ng ikalawang pinakamalaking primaryang isla ng Pilipinas, ang Mindanao.

Kung kaya't di na nakapagtata kang dinarayo ito ng mga turista di lamang dahil sa mga lugar puntahan kundi dahil sa mga pagkain, at produktong "export quality" na mabibili rito.

Iba't ibang prutas at gulay ang inaani dito. Sa katunuyan, nasa Mindanao ang Dapitan City na pamoso bilang "food basket" ng Pilipinas lalo't may ekta-ektaryang lupang taniman dito. Habang sa Davao, matatagpuan ang Durian o "King of Fruits".

Unti-unti na ring umuusbong ang industriya ng kalabawan sa isla. Kung dati'y katulong lamang ang kalabaw sa pag-aararo, ngayo'y ang mga kabuhayang salig sa kalabaw ay kabilang na sa mga

maaaring mapagkakitaan ng mga residente sa Mindanao.

Ilang taon na ang lumipas buhat nang simulang isulong ng Philippine Carabao Center (PCC) ang *Carabao Development Program* (CDP) nito sa isla. Bahagi ng CDP ang mga inisyatiba sa *Research for Development*, *Genetic Improvement*, at *Carabao-based Enterprise Development*.

Sa Mindanao, tinutukan ng PCC ang pagpapataas ng lahi ng kalabaw, pagbibigay kaalaman sa wastong pag-aalaga ng kalabaw, at pagkuha at paggawa ng iba't ibang produkto mula sa kalabaw, partikular na ang karne at gatas.

Ang bentahan ng gatas ng kalabaw

dito ay kalimitang pumapatak ng 'di bababa sa Php50 kada litro. Habang ang karne, halimbawa sa gawi ng Bukidnon ay naipagbibili ng nasa Php120 pataas kada kilo.

Mayroon nang mga na-organisang grupo ng magkakalabaw sa Mindanao. Ang mga ito ay inaasistehan ng tatlong tanggapan ng PCC sa Bukidnon, South Cotabato, at Zamboanga del Norte.

Ang mga rehiyon ng Mindanao ay Zamboanga Peninsula, Caraga region, Northern Mindanao, Davao region, Soccsksargen, at Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM).

Mga sangay ng PCC sa Mindanao, matatag sa pagsusulong ng Carabao Development Program

NINA MA. CECILIA IRANG AT CHRISSALYN MARCELO

Katulad ng iba pang mga tanggapan panrehiyon ng PCC sa Luzon at sa Visayas, masidhi ring isinusulong ng mga tanggapan ng PCC sa Mindanao ang Carabao Development Program (CDP), na siyang lundo ng pagsisikap ng ahensiya.

Sa buong Mindanao, tatlo ang panrehiyong sentro ng PCC kabilang ang Mindanao Livestock Production Complex (PCC@MLPC) sa Kalawit, Zamboanga del Norte; Central Mindanao University (PCC@CMU) sa Maramag, Bukidnon; at University of Southern Mindanao (PCC@USM) sa Kabacan, North Cotabato.

Kabilang sa mga lugar na sakop ng serbisyo ng PCC@MLPC ay Region IX habang ang PCC@CMU ay Region X at Region XIII (Caraga Region); at ang PCC@USM naman ay Region XI, Region XII, at ilang bahagi ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (Maguindanao at Lanao del Sur).

Sa programa sa CDP, nakatutok ang mga pagsisikap sa pagpapataas ng uri at lahi ng kalabaw sa bansa. Nakapailalim sa programang ito ang mga proyekto ng ahensiya na gaya ng artipisyal na pagsesemilya sa kalabaw; pagpapahiram ng bulugan; pagkaloob sa mga magsasaka ng gatasang kalabaw para sa kaukulang pagmomodelo sa paggagatasan, pananaliksik para sa pag-unlad, at pagpapaiting at pagpapalaganap ng mga produkto at negosyong nakasalig sa kalabaw.

Bunga ng puspusang pagsisikap ng mga panrehiyong sangay na ito, ipinakikita ng mga datos ng PCC na kaugnay ng mga proyektong ipinatutupad sa ilalim ng CDP sa Mindanao, na mula 2015 hanggang 2018, mayroong naisagawang

39,104 na *artificial insemination* (AI) *services* sa iba't ibang dako; 1,019 *bull services*; at 5,618 naipanganak na mga bulo mula sa mga kalabaw na nakapailalim sa mga proyekto at serbisyong ito.

Sa produksiyon naman ng gatas, umabot din sa 220,468.91 litro ang inani sa mga gatasang kalabaw sa Mindanao.

Mga hamon sa Mindanao

Nguni't, kaiba sa ibang mga panrehiyong sentro ng PCC, ang tatlong sentro ng PCC sa Mindanao ay mayroong mga kinahaharap na malalaking suliranin o hamon sa pagpapatupad ng CDP.

Ayon kay Jeffrey Rabanal, *Science Research Specialist II* at AI at *bull loan coordinator* ng PCC@USM, kahit alam nilang maraming palahiang babaing kalabaw sa ilang lugar, hindi sila makapunta dahil sa iba't ibang problema gaya ng *peace and order*.

Sinabi naman ni PCC@USM *center director* Benjamin John Basilio na kahit ganoon ang hamon sa kanilang lugar ay hindi pa rin sila tumitigil sa kanilang gawain na ipalaganap ang programa sa pagkakalabawan.

"Patuloy pa rin naming isinusulong ang programa dahil alam namin na kahit paano ay nakatutulong ito sa mga magsasaka," ani Dir. Basilio.

Napag-alaman nila, aniya, na kahit bata pa ay naibebenta na ng mga magsasaka ang kanilang mga *crossbred* na kalabaw. Kung kaya't mayroon na rin naman itong naitutulong at pakinabang sa mga magsasaka dahil mas mahal nilang naipagbibili ang kanilang *crossbred* na kalabaw kumpara sa *native* na kalabaw.

"Isinusulong talaga namin ang paggagatasan kahit na mahirap na isagawa. Kaya nga, isa nang malaking bagay na kahit papaano ay may nabubuo kaming asosasyon ng mga nag-aalaga ng gatasang kalabaw dito at kumikita na rin sa mga naaani nilang gatas," sabi ni Dir. Basilio.

Sa kasalukuyan, mayroon itong limang samahan na inaasistehan na nakapagbibigay kontribusyon sa produksiyon ng gatas sa buong Mindanao. Ang mga ito'y Braulio E. Dujali Farmer's Livestock Raisers and Dairy Workers Association, Canahay Dairy Farmers Association, Sto. Niño Dairy Farmers Association, Cotabato Foundation, at Provincial Veterinary Office (PVO) ng South Cotabato.

Sa kabilang dako, ang PCC@MLPC at PCC@CMU sa pamumuno nina Dir. Cecelio Velez at Dir. Lowell Paraguas, ay maituturing ding may kahalintulad na karanasan sa PCC@USM.

Bukod pa rito, natukoy ng mga opisyal at mga tauhan ng mga tanggapan ito na lubhang mahirap din ang pangungumbinsi sa ilang mga magsasaka sa kanilang nasasakupang lugar na magsagawa ng paggagatas sa kalabaw. Pinakamalaking kadahilanan ukol sa bagay na ito, anila, ay ang kagustuhan nila ng agarang kita sa pag-aalaga ng kalabaw.


Sa kabila ng mga hamon sa pagkakalabawan sa Mindanao, may mga asosasyon, unibersidad at lokal na pamahalaan din na inaasistehan ang PCC@MLPC at PCC@CMU na nakapag-aambag sa produksiyon ng gatas at nakapagpapasigla sa kalabawan sa isla. Kabilang sa mga inaasistehan ng PCC@MLPC ang Sindangan Crossbred Buffalo Raisers Association, Jose Rizal Memorial State University, PVO ng Irasan, at

PVO ng Guipos.

Samantala, ginagabayan naman ng PCC@CMU ang Don Carlos Dairy Buffalo Association, Dologon Kisdanay Buffalo Dairy Association, Caraga State University, at Muleta Side Dairy Farmers Association na, ayon sa datos ng PCC, ang mga ito ay may pinakamalaking naiambag sa produksiyon ng gatas sa buong Mindanao. Ito ay nakapagtagala ng

kabuuang 47,036.25 litrong aning gatas noong 2018.

Mahirap man, dala ng matitinding problema at hamon, maluwalhating naisusulong ang CDP sa Mindanao, salamat sa pagpupunyagi ng mga opisyal at manggagawa ng PCC at mga katuwang sa industriya gaya ng *local government units*, *AI technicians*, mga kooperatiba at samahan sa tatlong sentro nito sa nasabing isla.



Pagsikad ng industriyang kalabawan sa Mindanao



Saganang pakain para sa kalabaw



Maraming native na kalabaw



Masigasig na pagpapaunlad ng lahi ng kalabaw



Mataas na bentahan ng bulo



Mataas na bentahan ng karne ng kalabaw



Tumataas na produksiyon ng gatas



NI CHARLENE JOANINO

Mainam magkalabaw sa Mindanao. Ito ay base sa resulta ng Value Chain Analysis (VCA) na isinagawa sa pangunguna ni Flordeliza Lantican, Agricultural Economist, at Professor sa College of Economics and Management sa University of the Philippines-Los Baños, Laguna.

Nakita sa VCA na sagana ang isla sa pakain o mga halamang maaaring pagkunan ng pakain sa kalabaw. Bukod dito, dahil maraming native na kalabaw sa Mindanao, patuloy na isinusulong ng Philippine Carabao Center (PCC) ang *Carabao Upgrading Program* (CUP) upang maiangat ang lahi ng mga kalabaw sa

nasabing isla.

Kabilang ang CUP sa mga inisyatibang isinasagawa ng PCC sa University of Southern Mindanao na pinamumunuan ni *Center Director* Benjamin Basilio; PCC sa Central Mindanao University, *Center Director* Lowell Paraguas; at PCC Mindanao Livestock Complex, *Center Director* Cecelio Velez.

Ayon kay PCC *Executive Director* Arnel Del Barrio, pinaigting ng PCC ang pagpaparami ng *crossbred* lalo't bukod sa produksyon ng gatas at karne, nakatutulong din ang kalabaw sa mga bukid sa Mindanao na hindi gumagamit ng makinarya.

Ang PCC ay may ginawang *training module* para sa wastong pangangalaga sa kalabaw, at may pagsasanay din sa *basic pregnancy diagnosis* (PD), at *artificial insemination* (AI). Ang ilan sa mga nagsipagtapos ng PD at AI ay ginawang primaryang hanapbuhay ang mga aktibidad at tinawag na *village-based artificial insemination Technician* o VBAIT.

Nagpapahiram din ang PCC ng bulugan sa mga magsasaka. Napag-alaman sa VCA na ang *imported* na *purebred* na kalabaw ay hiyang sa klima sa Mindanao kung kaya't may potensyal na maging maganda ang *performance* nito.

Mahalaga ang pagpapalahi lalo't di lamang mas napaiinam ang lahi ng kalabaw kundi napatataas din ang potensyal ng pagkakaroon ng maunlad na negosyong salig sa kalabaw dahil dumarami ang alaga.

Sa VCA, lumabas na sa Bukidnon may pinakamataas na bentahan ng karne ng kalabaw. Sa ngayon, mabibili ang *first class* na karne ng Php120 kada kilo o higit pa sa nasabing lugar. Ang gatas naman sa Mindanao ay kalimitang nasa Php50 kada litro pataas.

Bukod sa kabuhayan, malaki ang maiaambag ng pagkakalabaw sa Mindanao sa nutrisyon ng mga kabataan dahil sa masustansiya nitong gatas at karne.

Lulan ng pagsasabatas ng RA 11037, na isinusulong ang pagbibigay ng masustansyang pagkain para sa mga batang Pilipino, mayroon nang siguradong kapupuntahan ang mga inaaning gatas ng mga magkakalabaw. Sa ilalim ng batas magkakaroon ng malawakang pagpapainom ng gatas sa mga mag-aaral na kabataan sa elementarya sa buong bansa upang labanan ang malnutrisyon.

Isinaad sa VCA na malaki ang gampanin ng mga *Local Government Units* (LGU) sa pagpapadali ng transportasyon ng gatas at mga produkto mula dito kung maiaayos ng mga LGUs ang

kanilang *farm-to-market roads*.

Isa pang napagkakakitaan ng mga magkakalabaw ay ang pagbebenta ng anak ng kalabaw para sa adisyunal na kita o kung may biglang pampinansyal na pangangailangan. Bukod sa kita, nakatutulong din ito upang maiwasan ang *inbreeding* ng kalabaw.

Kung susumahin, malaki talaga ang maiaambag ng pagkakalabaw sa kabuhayan ng mga taga-Mindanao. Mula sa pagiging katuwang ng magsasaka sa bukirin, ngayo'y nakapagbibigay na rin ang kalabaw ng kita mula sa mga produktong nakukuha mula rito.

ANILAT KITA

NI CHARLENE JOANINO

Primaryang tuntunin ng mga inisyatibang isinusulong ng Department of Agriculture, sa pangunguna ni *Secretary William Dar* o *Manong Willie*:

ANI



Layon ng DA at mga ahensiyang salig dito na magkaroon ng masaganang ani ang mga magsasaka at mangingisda para matiyak ang seguridad ng pagkain sa buong Pilipinas.

KITA



Katumbas ng masaganang ani ay mataas na kita para sa mga magsasaka at mangingisda na kalauna'y magdudulot sa kanila ng maunlad at maginhawang pamumuhay.

Sa kasalukayan, may limang asosasyon ng magkakalabaw ang inaasistehan ng Philippine Carabao Center (PCC) sa Mindanao na tinatamasa na ngayon ang mga ganansiyang hatid ng masaganang ani na gatas ng kalabaw at kitang hatid nito.

KAHULUGAN:



Lokasyon



Ani mula nang mag-umpisang maggatas



Kita mula nang mag-umpisang maggatas



Bilang ng miyembro



Bilang ng kalabaw na inaalagaan ngayong 2019



Taon ng pagkakatatag



Taon nang magsimulang maging kabalikat ang PCC

CANAHAY DAIRY FARMERS ASSOCIATION

Surralla, South Cotabato	14
7,239.13 litro	2013
Php354,267.85	2013
40	

"Noong tag-init, may El Niño at nahirapan kami sa bukid buti na lang at nakakuha kami ng gatas sa aming mga kalabaw. Nagkaroon kami ng kita na naipantaguyod namin sa aming pang-araw-araw na pangangailangan kaya laking pasasalamat namin at may kalabaw kami."

Yolanda Patches
Treasurer

STO. NIÑO DAIRY FARMERS ASSOCIATION

Sto. Niño, South Cotabato	30
7,981.47 litro	2011
Php425,423.4	2011
32	

"Saan ka naman hahanap ng ganito kagandang gawain. Bigyan mo lang ng sapat at tamang pagkain ang mga kalabaw mo, tiyak na sa kinaumagahan ay bibigyan ka naman nila ng pera sa pamamagitan ng maaaning gatas."

Aquino Perida
Chairman

DON CARLOS DAIRY BUFFALO ASSOCIATION

Don Carlos, Bukidnon	34
46,110.86 litro	2015
Php2,628,298.15	2015
15	

"Nahirapan kami sa pagsisimula pero ngayon na nakakuha ng gatas araw-araw ay nakita ko na nagbago at naging maganda ang pamumuhay namin."

Ifraim Alayon
Member

MULETA SIDE BUFFALO DAIRY FARMERS ASSOCIATION

Don Carlos, Bukidnon	55
35,256.93 litro	2017
Php1,891,461.4	2017
22	

"Hindi lang kami nabibigyan ng kita ng kalabaw nakatutulong din ito upang pagbukludin ang aming pamilya lalo't sa'min tulung-tulong kami sa pagkakalabaw."

Nida Abellanosa
Secretary

SINDANGAN CROSSBRED BUFFALO RAISERS ASSOCIATION

Sindangan, Zamboanga del Sur	130
12,134.75 litro	2015
Php599,889.5	2015
50	

"Noong una di pa kami kumbinsido na makukunan ng gatas ang kalabaw dahil ipinang-aararo lang namin 'yong kalabaw. Dahil sa PCC namulat kami na may pera pala talaga sa gatas."

Allan Ton-ogan
President

SANDAFA: Umuusbong na pag-unlad sa kabuhayang salig sa kalabaw

NI MA. CECILIA IRANG

Isang asosasyon sa South Cotabato na inaasistahan ng PCC sa University of Southern Mindanao (PCC@USM) ang nagpapamalas ng hindi maikakailang progreso sa negosyong pagkabalabawan.

Batay sa datos ng PCC, ang Sto. Niño Dairy Farmers Association (SANDAFA), mula nang magsimula itong maggatas noong 2013, ay nakapagtala na ng kabuuang kita (*gross income*) na Php425,423 sa pagbebenta ng 7,981.47 litrong aning gatas.

Sa katunayan, dahil sa pagsasagawa nila ng mga teknolohiyang ipinapakilala at itinuturo ng PCC pati na rin ang mga pinagbuting pamamaraan para sa mas maayos na pag-aalaga ng mga kalabaw, kumita ito ng Php85,865 mula sa pagbebenta ng 1,726 litrong gatas noong 2015.

Nakaplano rin ngayong taon ang pagbubukas nila ng sariling *products outlet* para sa mga produktong gatas na pinoproseso ng kanilang asosasyon. Kabilang sa kanilang mga produkto ay *pasteurized milk, choco milk, lacto juice, yema cake, brazo de Mercedes, at black rice brownies*.

Habang patuloy ang pagpupursigi ng asosasyon na umunlad ang kanilang samahan, hindi nito nakalilimutan ang paglinang sa kakayahan ng bawa't miyembro lalong-lalo na ng mga kababaihan.



Nag-organisa ang SANDAFA ng *women's group* na sasanayin nito sa paggawa ng *rice-based noodles* para sa karagdagang pagkakakitaan nila at ng asosasyon.

Ayon kay Aquino Perida, *chairman* ng SANDAFA, nagalak naman siya na kahit maliit pa lamang sila na grupo sa paggagatas ay nagsisilbi silang ehemplo sa gawaing ito sa buong South Cotabato. Napansin din niya na marami nang mga magsasaka ang nahihikayat na sumali sa programa ng PCC dahil sa nakikitang benepisyong hatid ng gatasang kalabaw.

Pagbabalik-tanaw

Sa nakalipas na ilang taon, naipakilala ng PCC@USM ang programang *carabao development*. Bunga ng interes sa programa, itinatag ng mga magsasaka ang SANDAFA sa barangay Poblacion noong 2011.

Ang pangunahing naging basehan para sa pagtanggap ng mga miyembro ay ang pagkakaroon nila ng *crossbred* na kalabaw bilang kanilang *build-up capital*.

Ayon kay Jose Ricky Perida, dating *livestock inspector* ng Sto. Niño at isa sa mga nag-organisa ng SANDAFA, para mas lalong mapahusay pa ang operasyon ng kanilang asosasyon, gumawa sila ng *panukala para sa bottoms up budgeting* (BuB) ng lokal na pamahalaan hinggil sa mga kinakailangan nilang kagamitan. Suportado rin sila ng munisipyo kaya't

napagkalooban naman sila ng isang *forage hauler, soft ice cream machine, forage chopper, at milking machine*.

Pinagkalooban din sila ng pondo para ipambili ng mga gatasang hayop. Dagdag niya, pinagsikapan nilang makapagtayo ng *milking parlor* at maayos na kulungan ng mga kalabaw sa tulong ng lahat ng mga miyembro ng kanilang asosasyon.

Ang SANDAFA ay napahiram ng 11 *Italian buffaloes* ng PCC@USM. Sa kasalukuyan, mayroon na itong 30 kalabaw.

Sinabi ni PCC@USM *center director* Benjamin John Basilio na nakahanda silang ibigay pa ang nararapat na tulong na makakaya ng kanyang tanggapan para sa lalo pang pag-unlad ng asosasyon tulad ng pagsasanay para sa mga miyembro, pakikipag-ugnayan sa lokal na pamahalaan para sa pagsasapamilihan ng kanilang gatas at tulong-teknikal sa mga *crossbred* na kalabaw na pag-aari ng mga miyembro at mga ipinahiram na purong lahing gatasang kalabaw.

Para naman kay *chairman* Aquino, positibo siya na sa gabay ng PCC at suporta ng mga miyembro ng kanilang samahan, hindi imposibleng magtutuluy-tuloy ang pag-usad ng SANDAFA. Mahalaga lang, aniya, na iisa ang kanilang nais patunguhan – ang “ganap na umunlad” ang kanilang samahan sa pagkabalabawan.



Tagumpay ng isang dating OFW sa lupang sinilangan

NINA CHARLENE JOANINO AT MA. CECILIA IRANG

Malinamnam na cakes at pastries ang sumagasagi sa isipan ng mga mamimili sa South Cotabato tuwing maririnig ang ngalan na Tessa Catherine Perida.

Sa higit limang taon na pagsuong ni Tessa sa nasabing negosyo ay mababanaag ang pagkawili ng kanilang mga parokyano sa kanilang mga produkto. Ang sikreto? bukod sa masarap ay masustansiya ang kanilang produkto dahil may gatas ng kalabaw.

Mula sa pagiging dating *Overseas Filipino Worker* (OFW), ngayo'y isa na si Tessa sa matagumpay na negosyante sa nasabing lugar.

“Bakit kailangan ko pa mangibang bansa kung kumikita naman ako ng sapat dito sa Pinas at hindi ko na kailangan pang mawalay pa sa aking pamilya?” ani Tessa.

Tulad nang nakararami, pangarap ni Tessa na mabigyan ng magandang buhay ang kaniyang pamilya. Siya

ay nagtapos ng kursong Bachelor of Science in Agriculture ngunit pinili niyang magpunta sa Qatar.

Taong 2011 nang bumalik siya sa Pilipinas at mapalaot sa negosyong salig sa kalabaw. Sa panahong sumusobra ang gatas na nakukuha mula sa mga kalabaw ng mga miyembro ng Sto. Niño Dairy Farmers Association (SANDAFA) na kinabibilangan ng kanyang ama, nakita niya ang oportunidad na ito upang magsimulang magnegosyo.

Ang kaniyang ina na si Evelyn ay nakadalo naman sa isang *seminar* sa pagproseso ng produktong may gatas na isinagawa ng PCC sa University of Southern Mindanao (PCC@USM) na pinangungunahan ni *center director* Benjamin John Basilio.

Ipinasa ng kanyang inang si Evelyn ang mga natutunan at nagsimulang gumawa ng *made-to-order cakes* si Tessa. Nang lumaon ay naging negosyo na ito ng pamilya Perida.

56 litrong gatas kada buwan sa paggawa ng produkto

Php24,000 (gross income) kada buwan

TESSA PERIDA
South Cotabato

Ang ilan sa kanilang mga produkto ngayon ay *chocomoist, brazo de mercedes, at macaroons*. Mayroon na rin silang *black rice brownies* na ayon kay Tessa ay nakatanggap ng pagkilala bilang isa sa mga natatanging lokal na produkto sa kanilang rehiyon.

Si Tessa ang nagsisilbing punong tagapamahala ng nasabing negosyo. Aniya, kung dati kailangan pa niya ang matinding pagpapagal bilang OFW para kumita ng Php8,000 kada buwan, ngayon ay kaya niya nang kumita ng higit dito habang nasa Pilipinas.

Naglaan ng espasyo sa bahay sina Tessa para sa pagproseso ng gatas. Dito din nila inilalagak ang kanilang mga *supply* at mga produkto.

“Naniniwala ako na panghabambuhay namin na kabuhayan ito,” pagbabahagi ni Tessa.

Bukod sa pagkakaroon ng malaking kita, umiinom din ng gatas ang pamilya ni Tessa. Aniya buntis pa lamang ay umiinom na siya nito at ipinainom din niya ito sa dalawa niyang anak dahil sa sustansiyang dulot nito.

Sa ngayon, patuloy ang pag-unlad ng negosyo nina Tessa. Gumagawa sila ng mga produktong may gatas base sa kung ano ang patok o *rending*. Patuloy pa rin ang ugnayan ng kaniyang pamilya at ng PCC@USM. Kamakailan lang ay sumapi na si Tessa sa grupo ng kababaihan ng SANDAFA.


“Hinihikayat ng pamilya namin ang iba pang magsasaka na mag-alaga ng gatasang kalabaw dahil gusto namin na makinabang din sila sa *Carabao Development Program* ng PCC,” ani Tessa.

7,981.47 litrong gatas

Php425,423 (gross income)
(2013 hanggang Setyembre 2019)

SANDAFA
South Cotabato

 **17,000 litrong gatas**

 **Php1,047,724**
(gross income)
(2017 hanggang Hunyo 2019)

ZOSIMO TEJANO
Maramag, Bukidnon



Ayon sa maggagatas sa Maramag, Bukidnon 'May kalakip na pakinabang kung magtitiyaga at magsisikap'

**NINA MA. CECILIA IRANG AT
CHRISALYN MARCELO**

Baun-baon ang positibong pananaw na ang pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw ang susi para makaahon sa kahirapan, walang pag-aatubiling sumali si Zosimo Tejano ng Maramag, Bukidnon sa programa ng PCC.

Napag-alaman niya ang tungkol sa programa ng PCC at ang mga pakinabang na hatid nito mula sa pakikinig niya sa isang himpilan ng radyo.

Taong 2015 nang mapalad siyang mapahiraman ng isang *Italian Mediterranean Buffalo* sa ilalim ng kontratang "paiwi" ng PCC sa Central Mindanao University (PCC@CMU). Ito, aniya, ang nagbukas ng oportunidad para maranasan niya ang mga kaakibat na pakinabang ng kabuhayang salig sa kalabaw.

Nguni't aminado si Tejano na sadyang hindi madali ang mga gawain sa pagkakalabawan lalo pa nga't ang lugar nila ay bulubundukin at walang daloy ng kuryente na magpapadali sana sa mga gawain. Bilang resulta, manu-mano niyang tiniis ang mga gawaing kaakibat ng pag-aalaga ng kalabaw.

Pero dahil laki siya sa hirap at likas sa kanya ang pagiging masipag at matiyaga hindi kahit kailan naging balakid ang mga pagsubok at hamong ito para patuloy siyang magpursige sa

pag-aalaga ng kalabaw.

Hindi naglaon, naparami ni Tejano ang mga alagang kalabaw sa pamamagitan ng wastong pangangasiwa at pagtugon sa mga pangangailangan ng mga ito, at pakikinig sa mga payo ng mga matatagumpay na magkakalabaw.

Hindi naman siya nabigong anihin ang inaasahang pakinabang na hatid ng pag-aalaga ng kalabaw. Sa katunayan, tinatamasa niya ngayon ang ganansiya sa pag-aalaga ng 15 kalabaw. Dalawa rito ang kasalukuyang ginagatasan, na nagbibigay ng 5-6 na litro araw-araw.

Base sa kanyang talaan, simula noong nanganak at nagbigay ng gatas ang kanyang mga alagang kalabaw noong 2017, kumita na siya ng kabuuang (gross income) Php1,047,724 mula sa 17,000 litrong gatas na naani at nabenta niya sa PCC@CMU sa halagang Php60 kada litro.

Bunga nito, nasusuportahan niya ang pinansiyal na pangangailangan sa pag-aaral ng kanyang mga anak, nakapagpandar na rin ng mga gamit na lutuang de gasul mula sa dati-rati'y de-kahoy lang na lutuan na kanilang gamit, at *generator set* na nagbibigay ng daloy ng kuryente para sa kanilang ilaw at *washing machine*; at *milking machine* na ang halaga'y Php52,000.

Noong 2018, umabot sa halagang

Php40,000 hanggang Php50,000 ang kita niya sa isang buwan mula sa kanyang paggagatasan samantalang nasa halagang Php15,000 naman ang kabuuan niyang gastos.

Ama ng limang anak sa asawang si Grace, nairaraos lang ni Tejano noon ang buhay sa pagiging isang kasama sa dalawang ektaryang lupa na dating tinatamnan ng mais nguni't ngayo'y may mga tanim ng "rubber tree", isang ektaryang taniman ng tubo, at pag-aalaga ng baboy. Ang kita niya noo'y kadalasang hindi sumasapat para masuportahan ang pangangailangan ng kanyang pamilya.

Ngayon, sa kanyang pagkakalabawan, solong-solo niya ang buong kita na ayon na rin sa kanya ay mas malaki pa kumpara sa kinikita niya sa pagtatrabaho sa taniman.

Lubhang mahirap ang panimula sa pag-aalaga ng kalabaw para kay Tejano, na naging dahilan din para ang kanyang mga kasamang magkakalabaw ay panghinaan ng loob at bumitaw. Karaniwang naging dahilan ay ang pagkainip sa pagbubuntis ng kani-kanilang alaga. Pero hinarap ni Tejano ang problema at siya'y hindi sumuko. Ang resulta? Siya na lang ang natirang nakatindig ngayon sa kanilang samahan at nagtatamasa ng mga ganansiyang dulot ng pagkakalabawan.

Nasumpungang biyayang hatid ng gatasang kalabaw

NI MA. CECILIA IRANG

Nasasaksihan at nararanasan na ng mag-asawang Carlo at Nida Abellanosa ng Don Carlos, Bukidnon ang mga magagandang benepisyong dulot ng negosyong paggagatasan. Dahil dito, nakikinita nila, na balang araw, ang negosyong ito na rin ang magsisilbing pangunahing pagkakakitaan nila.

Pagkaraan kasi ng ilang taon, inaani na nila ang biyayang hatid ng gawaing ito dahil dumoble ang bilang ng inaalagaang kalabaw ng mag-asawa. Mayroon na sila ngayong 28 kalabaw at isang bulugan. Siyam ang ginagatasan nila kung saan karaniwang 42 litrong gatas ang naani nila bawa't araw.

Batay sa datos, simula nang mag-umpisa silang mangolekta at magbenta ng kanilang aning gatas noong Setyembre 2017, nakapagtala na sila ng kabuuang kita (gross income) na Php1,251,623.


Salaysay ni Carlo, pagtanim ng tubo ang talagang pangunahing pinagkakakitaan ng kanilang pamilya. Taong 2016 nang mahikayat siya na dumalo sa isang *orientation* ukol sa negosyong paggagatasan na isinagawa ng lokal na pamahalaan ng Don Carlos at ng PCC sa Central Mindanao University (PCC@CMU).

Aminado naman ang kanyang asawang si Nida na nagkaroon siya ng pag-aalinlangan at negatibong pananaw noon sa negosyong pagkakalabawan dahil, aniya, wala pa siyang nakikitang nagtatagumpay noon sa ganoong gawain sa kanilang lugar.

Nguni't hindi naglaon ay sumang-ayon din siya lalo na at naramdaman niyang determinado talaga ang kanyang asawa na subukan ang paggagatasan.

Sa paglalahad ng mag-asawa, nagpahiram ng 10 buntis na gatasang kalabaw ang PCC@CMU sa kanila. Nang manganak na ang mga ito, nagsimula na silang magtamo ng mga pakinabang mula sa kita sa paggagatas. Noon na tuluyang



 **20,000 litrong gatas**

 **Php1,251,623**
(gross income)

(2017 hanggang Setyembre 2019)

CARLO AT NIDA ABELLANOSA
Don Carlos, Bukidnon

naglaho ang lahat ng mga agam-agam ni Nida sa nasabing gawain.

Si Carlo, dahil sa kanyang abilidad sa pamumuno, ay nahalal bilang *chairman* ng Muleta-Side Buffalo Dairy Association (MUSBUDA). Dahil naman sa kanyang dedikasyon at determinasyon sa gawaing pagkakalabaw, ginawaran din siya kamakailan ng PCC ng parangal bilang "Best Family Module" noong ika-26 anibersaryo ng ahensiya.

Para naman sa *tandem* ng mag-asawa sa gawaing ito, si Nida ang naggagatas ng mga kalabaw habang si Carlo naman ang namamahala sa iba pang mga operasyon gaya ng pagpapakain, pagpapaligo at pagsusuga ng mga kalabaw.

Sa kabilang banda, bilang umuunlad na kabuhayang salig sa kalabaw, ang *farm* ng pamilya Abellanosa ay kinilala at itinalaga noong 2018 ng Agricultural Training Institute (ATI) na maging "Learning Site for buffalo production". Ito ay magsisilbing lugar at oportunidad na makapagbahagi ng kaalaman para sa mga maliliit na magsasakang nagnanais na sumubok sa kabuhayang salig sa kalabaw na

gaya nila.

Patuloy din ang pagpapalawak ng mag-asawa ng kanilang kaalaman sa pagkakalabawan. Sa katunayan, nakatapos at nakakuha na sila ng sertipiko sa "Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production" na isinagawa ng PCC.

Tila umaayon naman sa mag-asawa ang magandang pangyayari sa pagkakalabawan dahil sa pagkakaroon nila ng karagdagang merkado. Kamakailan ay itinayo at binuksan ang kauna-unahang Dairy Box sa kanilang bayan at maging sa buong isla ng Mindanao, na kung saan ay maari nilang ibenta ang kanilang aning gatas at mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw.

Umaasa ang mag-asawa na mas uunlad pa ang kanilang gawain sa pagkakalabawan sa pamamagitan ng determinasyon, dedikasyon, kaalaman, at kakayahang natamo mula sa mga pagsasanay na isinagawa ng PCC at mula sa sari-sarili nilang mga karanasan sa pag-aalaga ng kalabaw.

Sa tamang oportunidad, tiyak na may pag-unlad

NI CHARLENE CORPUZ

Sa loob pa lamang ng ilang buwan na pakikilahok sa programa ng Philippine Carabao Center (PCC), napatunayan na ni Dominic Paclibar, isang negosyanteng magkakalabaw mula sa Sangat, Mlang, North Cotabato, ang maraming benepisyo at mahusay na potensyal ng mga gatasang kalabaw.

Nagsanay siya sa PCC ng "Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP)" upang higit pang matutunan ang kabuhayang salig sa gatasang kalabaw at mga teknolohiyang kalakip nito.

Ilan lamang sa mga pinagkukuhanan niya ng kita sa pagkakalabawan ay ang gatas, manure, at napier. Mula sa mga sariwang napier, mayroon din siyang produksyon ng "silage" na nagsisilbing pakain sa 26 na inaalagaang kalabaw (5-Italian, 20-crossbred, 1-bulugan).

Ang 25 gatasang kalabaw ay ipinagkatiwala ng PCC noong Mayo 17.

Ang kauna-unahang kita niya ay mula sa pagbebenta ng napier bilang *planting materials* at *fresh forages* mula sa kanyang 11 ektaryang taniman. Ang napier ay ang pangunahing tanim na pinaglaanan



niya ng kanyang lupain, saad niya. Inihanda na niya ang mga ito bilang preparasyon sa pagdating ng mga gatasang kalabaw.

"Hindi pa man ako kumikita sa gatas ng mga kalabaw noon dahil nagsisimula pa lamang ay naranasan ko na ang kumita mula sa mga pakain dito," masaya niyang pagbabahagi.

"Expense against our gross income", malinaw kay Ka Dominic ang pananaw niya sa pagnenegosyo at iyon ay ang magkaroon ng masaganang ani at kita. Kaya naman, kalakip nito ang kanyang pagsisigag na mapaunlad ang kaalaman at maging aktibo sa pakikilahok sa programa ng PCC.

"Ang pinakamalaking pakinabang sa napier at silage ay natitiyak natin ang seguridad ng sapat at wastong pakain sa mga gatasang kalabaw dumating man ang panahon ng El Niño. Ang wastong nutrisyon ang susi sa pagiging produktibo ng ating mga inaalagaang kalabaw," saad ni Ka Dominic.

Ang produksyon niya ng napier sa isang buwan ay umaabot sa 15 tonelada na naipagbibilli sa halagang 50 sentimos kada kilo. Mula rito ay mayroon siyang Php7,500 kada buwan.

"Maituturing ko na may magandang oportunidad na hatid ang aking kabuhayan sapagka't nakatuon ako na palaguin ang aming negosyo sa pamamagitan ng *custom feeding*," paliwanag ni Ka Dominic.

Mayroong 25 bulugang kalabaw na ipagkatiwalang muli ng PCC sa ikalawang linggo ng Nobyembre sa mga pribadong indibidwal, kung saan ang farm si Ka Dominic ang nakasundong magsuplay ng silage at iba pang pakain. Kabilang rin siya sa mga nakatakdang magsuplay ng gatas para sa *Milk Feeding Program* sa North Cotabato.

Maliban rito, nakatakda rin nilang palaguin ng kanyang may-bahay na si Ma. Elisa Paclibar ang pagnenegosyong buhat naman sa paggagatas ng mga kalabaw. Sinisimulan nila ito sa pagpoproseso ng mga *milk-based products*. Nasasabik na rin sila na ilabas sa merkado ang mga minatamis na mayroong gatas ng kalabaw at sariwang prutas na ipinagmamalaki ng Cotabato.

Sa kasalukuyan, isinasa-ayos nila ang permit mula sa Department of Trade and Industry (DTI) kasabay ang pagtatayo ng *dairy outlet* sa kanilang lugar.

Ano ang National Carabao Conference?

Ang National Carabao Conference (NCC) ay taunang pagtitipon na itinatatampok ng Philippine Carabao Center (PCC) na may layuning pagsama-samahin ang mga kalahok, katiwala, at lahat ng mga may pakinabang sa industriyang salig sa kalabaw.


Daluyan din ito ng mga mahahalagang impormasyon upang maibahagi at maipalaganap ang mga teknolohiya, kasanayan, mga ideya patungkol sa industriya at mga wastong pamamaraan na naisagawa na ng mga magsasakang nagtagumpay sa kani-kanilang mga pinagkakakitaang negosyong salig sa kalabaw at nang sa gayon ay mapakinabangang maigi ng mas nakararaming magsasaka.


Kasali sa malakihang pagtitipon ang mga magsasakang maggagatas na inaasistehan ng PCC, mga kabalikat, mga negosyante, mga opisyal ng lokal na pamahalaan, mga representante mula sa iba't ibang ahensiya ng gobyerno at pribadong mga organisasyon na katuwang ng PCC sa pagpapalaganap ng *Carabao Development Program* (CDP).

Ang pagdaraos ng komperensiya ngayong taon ay iinog sa temang "**Masaganang Ani at Mataas na Kita sa Pagkakalabawan**" bilang suporta sa bagong pananaw sa agrikultura na ang Pilipinas ay magkaroon ng seguridad sa pagkain at ang mga magsasaka't mangingisda nito ay magtamasa ng maunlad at masaganang buhay.

Bahagi ng komperensiya ang mga talakayan o *plenary sessions* sa mga paksang: *Convergence for the Milk Feeding Program, Technology and Innovation Forum, Scaling up the Carabao-based Enterprise Value Chain, at Strengthening the Provincial Livestock Extension System.*

Inaasahang nasa mahigit 500 ang mga lalahok sa nasabing pagtitipon na gaganapin sa Nobyembre 14-15 sa PCC at Central Mindanao University sa Bukidnon.

 **15 toneladang Napier**
(kada buwan)

 **Php7,500**
(gross income)
(kada buwan)

DOMINIC PACLIBAR
Mlang, North Cotabato



Ang masaganang isla ng
Mindanao

